# DISTRITO NG PROTEKSYON SA SUNOG NG SAN RAMON VALLEY

# PAUNAWA NG IMPORMASYON

## ALERTO SA MAY-ARI NG RESTAWRAN

Inilabas: Disyembre 2019


Ang Distrito ng Proteksyon sa Sunog ng San Ramon Valley ay nagsasagawa ng Taunang mga Inspeksyon sa Kaligtasan sa Sunog at Buhay sa mga Restawran na matatagpuan sa buong Distrito. Ang mga Inspektor ng Kaligtasan sa Sunog at Buhay ng SRVFPD ay nagsusuot ng opisyal na uniporme, na may tsapa at mayroong pagkakakilanlang may larawan. Nakakatanggap ng ulat ang mga Inspektor ng SRVFPD mula sa mga may-ari ng restawran tungkol sa mga taktika ng matataas-na-presyur ng pagbebenta at mapanlinlang na pamamaraan ng mga benedor para bayaran sila na magsagawa ng serbisyo sa mga komersyal na pang-apula ng apoy, hood at/o mga nakapirming sistema ng pag-apula.

Kabilang sa halimbawa ay ang mga:

- Ipinapahayag ng mga benedor na ito na awtorisado silang ipasara ang restawran kung hindi sila papayagang isagawa ang inspeksyon ng mga sistema ng proteksyon sa sunog ng restawran at gumawa ng mga pagkukumpuni, kung kinakailangan.
- Susulpot ang benedor na ito sa restawran nang walang paghirang (appointment). Ipapaalam ng benedor sa tauhan ng restawran na nakatakda ang serbisyo at kung hindi siya papayagang tapusin ang serbisyo, magpapasa siya ng ulat sa SRVFPD para idokumento ang hindi-pagsunod.

Nais naming magtagumpay ang iyong restawran. Nais naming maging ligtas ang inyong mga empleyado at panauhin. Nais namin na ang mga tampok ng kaligtasan sa sunog at buhay ng inyong komersyal na kusina, na gumana nang epektibo, sa panahon ng sunog.

- Walang sinuman ang dapat magserbisyo, maningil, o subukin ang anumang portable na pang-apula ng apoy nang walang sertipiko ng pagpaparehistro na ibinigay ng Marsekal ng Estado sa Sunog; na pinapanibago taun-taon.
- Walang may-lisensya ang siyang dapat na pangasiwaan ang kanyang lisensyadong negosyo o mangalap ang negosyo sa ilalim ng pangalang kaiba sa pangalan o mga pangalan na nakasaad sa kanyang lisensya.
- Nagbibigay ang Marsekal ng Estado sa Sunog ng mga sertipikasyong may tiyak na tatak, hal. Ang sertipikasyon sa Ansul ay nangangahulugang ang benedor ay maaari lamang magtrabaho sa mga sistema ng Andul, hindi sa mga sistema ng Buckeye, at iba pa…

- Ang sertipikasyon mula sa Marsekal ng Estado sa Sunog ay hindi nangangahulugang ang benedor ay isang Lisensyadong Kontraktor.
- Ang lahat ng mga kontratadong trabaho na nagkakahalaga ng mas mataas kaysa $500.00 sa paggawa at mga materyal, ay nangangailangan ng isang Lisensyadong Kontraktor; ang C-16 na Lisensya..
- Pagmamarka ng Sasakyan: Ang isang Lisensyadong Kontraktor ay dapat na magladlad ng pangalan ng negosyo, numero ng lisensya at numero ng telepono ng negosyo sa magkabilang gilid ng kanilang sasakyan pang-serbisyo.
- Para malaman kung ang isang benedor ay isang Lisensyadong Kontraktor magtungo sa: http://www.cslb.ca.gov
- Para sa higit pang impormasyon makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Kaligtasan sa Sunog at Buhay ng SRVFPD sa (925) 838-6600 at hilinging makipag-usap sa isang Inspektor ng Kaligtasan sa Sunog at Buhay.

San Ramon Valley Fire Protection District
1500 Bollinger Canyon Road
San Ramon, CA 94583
(925) 838-6600

www.firedepartment.org